`

# PAG-ASA AT PAG-IBIG ANG MENSAHE NG DIYOS

**A Lord's Flock General Assembly Topic**

Ni: Fr. Alex Balatbat

Pebrero 25, 2023

Itinuturing ng Bibliya na ang pag-asa ay naka-ugat sa mga pangako ng Panginoon. Ang pag-asa ay hindi isang bagay na ibinibigay ni Kristo; ito ay kung ano Siya. Mahal Niya tayo bilang tayo, ngunit hindi Niya tayo iniiwan na hindi lumalago. Binigyan Niya tayo ng pag-asa, batay sa Kanyang mga pangako na hindi Niya kailanman tayo iiwan at pababayaan.

**Mga mahahalagang punto tungkol sa muling pagningas ng espiritu na tuloy-tuloy ang paglalagablab:**

1. **Katapatan sa ating misyon.**

Tapat tayo dahil tapat ang Diyos at mapagmahal tayo dahil mahal tayo ng Diyos. Muli nating buksan ang ating mga puso, para madagdagan ang ating kakayahang tumanggap ng biyaya mula sa katapatan ng Diyos.

2. **Ang misteryo ng kawalan.**

Ang abo na ipinataw sa atin noong Miyerkules ng Abo ay nagpapa-alala na sa alabok din tayo babalik, ngunit, tayo ay abo na may hininga ng Diyos, isang panawagan na muling pagnilayan na tayo ay mula sa kawalan. Ito ay isang panawagan ng Panginoon na muling pagningasin ang pusong nagdadanas ng matinding paghihirap, matagal na nawalan ng pag-asa: namumuhay sa takot, walang kakayahan, at kahinaan.

3. **May kapangyarihan ang kahinaan at kawalan.**

Kailangan ng Diyos ang ating kawalan para makalikha Siya, at tayo'y nalikha mula sa kawalan.

4. **Tayo'y nakilala sa kabutihan ng Panginoon.**

Ang Diyos ay laging tapat mula sa simula, ngayon at sa wakas. Ang Kanyang kabutihan ay kailanman hindi nagbabago.

5. **Nangako ang Diyos na Siya ay lagi nating kasama magpakailanman.**

Hindi dumating ang Diyos para tanggalin ang pagdurusa, hindi rin para ipaliwanag bakit may naghihirap. Gayunpaman, naroon Siya sa mga sandaling tayo'y masaya at nagdadalamhati, sa kalungkutan at tuwa, sa buhay at kamatayan. Samakatuwid, hindi tayo dapat matakot. Dapat magpatuloy, lumago, at harapin ang panganib, dahil kasama natin lagi ang Diyos.

**6. Ang misteryo ng pagbitaw.**

Ang disiplina ng Kuwaresma ay binubuo ng palagiang panalangin at pagbabasa sa Salita ng Diyos, pag-aayuno tuwing Miyerkules ng Abo at Biyernes Santo, pag-iwas sa pagkain ng karne tuwing Biyernes, at pakikibahagi sa mga gawain para sa mga mahihirap. Ang pag-aayuno ay hindi lamang sa pagkain. Ito ay tungkol sa misteryo ng pagbitaw sa mga nawala sa atin noong panahon ng pandemya: yaman, kapangyarihan, titulo, pamilya at mga kaibigan. Kaya naman, tayo ay tinawag upang muling pasiglahin ang alab ng damdamin, matuklasan ang ating kapangyarihan, at bumitaw sa mga bagay na nawala na, dahil may mga pagpapala sa gitna ng kahirapan at pagdurusa.

**KONKLUSYON**:

Tumatanggap tayo ng walang hanggang pag-asa kapag si Kristo ay nabubuhay sa atin.

Ang katangiang ng pag-asang ito ay ginagawa tayong matatag, matapang, at magkaroon ng tiwala. Dahil hindi sumusuko si Kristo sa atin, kaya natin magtiis nang hindi sumusuko.

**PAGNINILAY:**

1. Ano-ano ang mga bagay na mahirap mong bitawan?
2. Sa panahon ng pandemya, paano ka apektuhan sa pisikal, emosyonal at espiritual?
3. Paano mo tinatanggap ang iyong araw-araw na pagsubok para sa pagmamahal ng Panginoon?

Isinalin Ni: Sis. Thess P.Sarmiento
Inedit ni :Sis Nida A. Cruz
For more Teachings, visit our
https://lordsflock.org/teachings/Digest